MUNICIPALITY OF BALIWAG
00000192

# Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

LALAWIGAN NG BULACAN

Kautusang Pangangasiwa Blg. 2

## PAGPANIBAGONG-TATAG NG MGA TANGGAPAN SA ILALIM NG TANGGAPAN NG PANGKALAHATANG PAGLILINGKOD (*GENERAL SERVICES OFFICE*)

ALINSUNOD, Seksiyon 444 (b) (4) ng Republic Act No. 7160, o mas kilala bilang *Local Government Code of 1991*, na nagsasaad na isa sa mga tungkulin ng Punong Bayan na masigurado ang paghahatid ng pangunahing serbisyo at ang pagbibigay ng sapat na pasilidad upang mahusay na mapagsilbihan ang bayan.

SAPAGKAT, ang kasalukuyang Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod (*General Services Office*) ay nangangailangan ng pagpapanibagong-tatag (*reorganization*) upang ito'y makapagsilbi ng mas mahusay sa mga nasasakupan;

NGAYON NGA'Y, AKO, FERDINAND V. ESTRELLA, Punong Bayan ng Bayan ng Baliwag, Bulacan, sa pamamagitan ng kabutihan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag-uutos ang pagpanibagong-tatag (*reorganization*) ng Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod (*General Services Office*) kung saan saklaw nito ang sumusunod na tanggapan:

A. *Supply, Records and Property Management*

B. *Utility and Maintenance Services*

C. *Motor Pool*

GINAWA sa Bayan ng Baliwag, Bulacan, ngayong ika-pito ng Hulyo, sa taon ng ating Panginoon, dalawang libo't labing anim.

FERDINAND V. ESTRELLA
*Municipal Mayor*

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG

*Dapat Serbisyong may Malasakit*